

Pahayagan ng Ladies Prayer Internasyonal



United Pentecostal Church

Marso 2016

Visit [Ladies Prayer International on Facebook](#) and "like" our page!



Ang lahat ay nagpapasimula sa Tahanan

ni Stacey Robinette

Habang pinagmamasdan ko ang mga bata na maligayang naglalaro sa loob ng bahay, mayroon sa kanila na ginagaya ang aksyon at mga gawi ko. At sila ay nagpapaalala sa akin na napakalaki pala talaga ng ating responsibilidad bilang mga magulang na turuan ng ebanghelyo ang susunod na henerasyon. Gaya ng sinasabi ng kawikaan 22:6 Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran....

Isang paraan ng pagbahagi ng ebanghelyo sa buong mundo ay ang pamumuhay ng may katapatan at pagiging ihemplo sa ating mga anak. Tayo ay ang templo. Hindi lamang tayo nagpupuri kapag nasa sambahan kundi kahit na tayo ay nasa bakasyon, o kahit nasaan mang lugar. Gayundin sa ating mga anak, mainam na nakikita din nila ang ating katapatan sa loob ng ating mga tahanan.

Bilang magulang, responsibilidad natin na turuan ang ating mga anak ng mgagandang simulain patungkol sa salita ng Diyos. Tandaan natin na ang mga maliit na mata nila ay laging nakamasid sa atin, kaya tayo ay dapat makakitaan ng tunay na pagsunod, pananatili, at namumuhay sa katotohanan, kabanalan at katapatan kay Kristo (Pakibasa ang I Timothy 4:12-16.)

Kung ang tahanan natin ay hindi magiging lugar ng panalanginan at *Bible training* patuloy lamang makapasok ang ispiritu ng mundong ito sa ating mga anak. "Maliban nga na si Yahweh ang nagtatag nitong bahay,

ang ginawa ng nagtayo ay wala ring kabuluhan” (awit 127:1).

- **Ang Respeto** ay nagsisimula sa bahay.
- **Ang pagmamahal sa Diyos** ay nagsisimula sa bahay
- **Pagdaramay sa iba** ay nagsisimula sa bahay.
- **Panalangin** ay nagsisimula sa bahay
- **Kabanalan** ay nagsisimula sa bahay
- **Kadalisayan** ay nagsisimula sa bahay.

Ang ating mga anak, kung hindi pa darating ang Diyos, ay ang kinabukasan ng sambahan. At tayo bilang mga lider, pastor, *Sunday school teachers*, *mentors*, at lalo bilang magulang, ay nararapat na maglaan ng panahon na magpunla ng mga ispiritwal na bagay sa ating mga anak upang makasiguro tayo na makakakilala sa Diyos ang mga susunod pang henerasyon.

Tala: Si Stacey Robinette, kasama ng asawa niyang si Charles, ay mga *career missionaries* sa United Pentecostal Church International. Sila ay nakatira sa Vienna, Austria, kung saan si Stacey aktibo sa ibat' ibang ministry. Maligaya siyang nagpapalaki ng dalawa niyang anak na sina Aleia and Brienna, mahal in si Hesus, ang buhay at ang misyon



Mananagumpay

ni Jessica Marquez

Magtatagumpay ako. Ito ay ang mga salitang ating binabanggit kapag tayo ay may mga hinaharap na mga problema at pagsubok sa buhay. “Magtatagumpay ako”. Para bang ang mga salitang ito ay kumukumbinsi sa atin na malalampsan natin lahat... na ang ating mga anak ay maglilingkod din sa Panginoon, na ang ating mga naliligaw na anak ay magbabalik muli sa Panginoon. Mananagumpay!

Ang mga sumusunod ay ang depinisyon ng mananagumpay.

- Nakapanalo; nanlupig ; nagtagumpay:
- Tinalo ang kalaban:
- Maaari o nagpapahiwatig, naglalarawan ng tagumpay

Tagumpay. Para masabing ikaw ay mananagumpay dapat mayroong napagtagumpayan. Ang mga sumusunod ay naglalarawan ng tagumpay;

- Tagumpay o pagkapanalo mula sa isang labanan o digmaan;
- Pagpupulong na nauwi sa magandang Kasunduan;
- Angat ka sa iba sa larangan ng labanan o paligsahan;
- Nakuha ang mataas na posisyon laban sa kalaban, kasalungat, kahirapan at iba pa.

Kaibigan, maniwala man tayo o hindi, tayo ay palagiang nakikibaka sa mundong ito. Para sa ating mga anak. Dapat tayo ay kakapit palagi sa pangako ng ating Panginoon, "Iyo, Oh Panginoon ang kadakilaan, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, at ang pagtatagumpay, at ang karangalan: sapagka't lahat na nangasa langit at nangasa lupa ay iyo: iyo ang kaharian, Oh Panginoon, at ikaw ay nataas na pangulo sa lahat. (I cronica 29:11).

Minsan hindi natin maintindihan kung bakit tayo nakakaranas ng mga pagsubok sa buhay. Sa ating sarili lamang, di natin ito kayang unawain. "Datapuwa't salamat sa Dios, na nagbibigay atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo. "(1 corinto 15:57)

Noong nakaraang dalawang linggo. Isa sa mga matagal ng miyembro sa aming sambahan ang lumapit sa akin na umiiyak. Ang sabi niya, "Pastora, ako ay napaalis sa aking bahay. Hindi ko alam kung saan ako matutulog ngayong gabi. Ang kapatirang ito ay tunay na matapat sa Panginoon sa lahat ng bagay. Parang pinipiga ang puso ko habang siya ay umiiyak kaya sinabi ko sa kanya na " pwede kang matulog sa bahay hanggang sa pagpalain ka muli ng Diyos ng panibagong tirahan." Kinagabihan siya ay tumawag sa akin at sinabi na pinapatira siya ng anak niya sa bahay nito.—itong anak niya na siyang laman ng kanyang panalangin, apat na taon na ng nakakalipas.

Sumunod na linggo, ang kapatirang ito ay lumapit at sinabi na dahil siya ay nkatira na sa bahay ng kanyang anak, nakakausap niya ang kanyang manugang na babae kung kaya naibahagi niya ang salita ng Diyos sa kanya at gusto na rin nito na magpa bawtismo sa pangalan ni Hesus!

Nawalan ng bahay. Desperado. Bigo. Ito ay mga salitang kasalungat ng tagumpay. Subalit dahil sa pananampalataya sa Diyos, napagtatagumpayan natin ang lahat ng sitwasyon sa buhay.

"Sapagka't ang sinomang ipinanganak ng Dios ay dumadaig sa sanglibutan: at ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanglibutan, sa makatuwid ay ang ating pananampalataya." (I Juan 5:4).

Tala: Si Jessica M. Marquez ay guro at tagapagsalita. Pastor siya kasama ng kanyang asawa, Nueva Vida Miami, sa Miami, Florida. Parehas silang missionary sa UPCI, sa loob ng 14 years, sa mga bansang Mexico, Costa Rica, at sa Dominican Republic.



Ang Palagiang *Jesus Prayer* ni Sandra Hanscom

"sapagkat talastas ng inyong Ama ang mga bagay na inyong kinakailangan, bago ninyo hingin sa kaniya." (Mateo 6:8).

Sa lahat ng gawain na aking nadaluhan mula pagkabata hanggang sa paglaki ko. mayroon akong kilalang isang babae na palagiang nanalangin ng 'Hesus, Hesus, Hesus' minsan binubulong lamang niya ito at kung minsan naman ay malakas ngunit hindi agaw atensyon sa gawain. Batid niya ang *gifts of the Spirit* at isa din siyang *prayer warrior*. Siya ay wala ng iba kundi ang aking butihing ina, isa siyang balo, at matapat sa Panginoon. Naniniwala ako na ang kanyang *Jesus Prayer* ay kakaiba, hindi ito maipaliwanag, sapagkat ang Diyos hindi kailangan ng Paliwanag. Alam ng Diyos ang lahat ng ating pangangailangan bago pa man natin ito hingiin sa kanya.

Ito ang mga iba't ibang *Jesus Prayer* niya;

May Pwersa - **Hesus** – at ang nagbabadyang aksidente sa sasakyan ay naiwasan.

Pagkabigo - **Jesús** – napolisigaw siya ng ang *pressure cooker* ay sumabog dahil sa lata ng mais subalit siya ay nakaligtas mula sa tumalsik na takip.

Lungkot - **Jesus** – nang ang mekaniko ay niloko siya subalit may dumating na iba at inayos ito.

Sakit - **Jesus** – noong panahon na hindi maunawaan ng kanyang pamilya kung bakit siya ay dumadalo sa sambahan.

Desperado- **Jesus** – noong nakatanggap siya ng balita na nabaril ng kanyang lasenggong asawa ang kanyang *backslidden* na anak na babae na kung saan ito ay naparalisado mula baywang pababa. bagamat siya ay habambuhay ng naka wheelchair, salamat pa din sa panibagong buhay na binigay niya.

Aligaga - **Jesus** – noong siya ay nakatanggap ng balita mula sa Pakistan na ang kanyang apo ay nahulog at ito ay nasa delikadong kalagayan. Dahil sa kanyang Jesus prayer, di man niya alam kung anong nangyari, o kung ano ang ipapapanalangin niya, Ngunit ang Diyos ay gumawa ng himala at pinagaling ang kanyang apo.

Good night - **Jesus, Jesus** – sinasabi niya ito tuwing siya ay nakaluhod at nanalangin bawat gabi. Naririnig ko siyang manalangin ng” Panginoon patawarin mo ako sa lahat ng mga nasabi ko at nagawa laban sayo”. Naalala ko tinanong ko siya noon bakit humihingi siya ng tawad gayong siya ay mabuti naman” Gusto ko lng na laging handa sa pagbabalik ng ating Diyos.” Ito ang sagot niya.

Nagagalak - **Jesus** – Pagkatapos mamuhay ng *thirty-one years* ng mag-isa. Pinagpala siya ng Diyos ng isang mapagmahal na asawa na hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay minahal siya at inalagaan.

Maliban sa kanyang palagiang "Jesus Prayer," siya din ay nanatiling matapat sa kanyang relasyon sa Panginoon. Masasabi kong siya ay mayroong malalim na pananampalataya at pagtitiwala sa Panginoon.

Sa kanyang lamay ay may lumapit na isang kapatiran sa akin. Ang sabi niya, na mi miss namin ang kanyang "Jesus, Jesus, Jesus." Ngayon isa na rin akong kagaya niya na may "Jesus Prayer" sa aking buhay. Ang mga anak ko at mga apo ay palaging maririnig ito sa akin habang ako ay nabubuhay.

Tala: Si Sandra Hanscom ay naglilingkot kasama ang kanyang asawa na si Rev. Don Hanscom bilang missionaries sa bansang Pakistan at Sri Lanka sa loob ng 18 years, at naglingkod din bilang National Director of Multicultural, UPCI Ministries sa loob ng 20 year. May tatlong anak at siyam na apo- -seven generations Pentecost

Mga Salita para sa mga kababaihan

Sa aming huling Ladies Prayer International meeting, ginamit ng Diyos ang aming direktor upang maipabatid ang kanyang mensahe. At nais ko din na malaman niyo ang mensaheng aming natanggap at baka sakaling kailangan niyo din nito.

Pakisabi sa mga Ladies na mahal ko sila.
Na ako ay nagmamalasakit sa kanila.
Na sila ay mahalaga sa akin.
Nakikita ko ang mga maliliit na bagay na mahalaga sa kanila.
Na sila ay nasa aking isipan.
Na ayaw kong sila ay mawala.
Na nakalaan sa kanila ang tagumpay.
Na napagtagumpayan ko ang mga:
Hadlang
Pagsubok

Kalaban

Mga di magandang salita, isipan, alalahanin. Takot para sa kinabukasan

Ako ay ang iyong tagumpay . . .

Isinuot ko na ang korona ng tagumpay, ikaw ang aking kabiyak at ipaglalaman kita.

Ako ay iyong Diyos sa lahat ng sitwasyon.

Subukan mo ako, ako ay matapat.

Hinding hindi kita iiwan.

Ako ay babalik at isasama kita sa aking tahanan.

Ako'y naghihintay . . .

Handa ka bang iwan ang lahat- inggit-alitan-pag-aalala-pagmamalasakit at kabalisahan.

Handa ka bang iwan ang lahat- upang ikaw ay makasama ko habambuhay?

Wala ng luha.

Wala ng kahapisan.

Wala ng sakit.

Malaya mula sa paghihirap, pagtanggap at pakikimatok sa mundong ito!

Ako'y naghihintay . . .

na ikaw ay makasama!

Kung alam mo lng na mahal kita, nag-aalala ako at hinihintay ka!

At ikaw at ako?

Walang mahirap sayo kung ako ay palagi mong kasama.

Nakikita ko lahat ng bagay.

Malalampasan mo ang lahat.

Ako ay para sayo!

Ikaw ay aking kabiyak . . .

Mahal kita at ako'y sabik na ikaw ay nasa aking tabi.

Halika, sana ay makasama kita habang buhay.

Anong masasabi mo sa aking sa aking naisin?

Lumapit ka.

Ako ay babalik.

Konting hintay lamang!

Ako ay sabik na makasama ka.

Maniwala ka sa sinasabi ko, ikaw ay akin, at ikaw ay pinili ko!

Delivered by Cora Huffman

Submitted by Linda Gleason, UPCI Ladies Ministries President

Mula sa Mailbox

Pagbati sayo Sis Debbie Akers,

Ako ay mula sa Melbourne, Australia at kami ng aking asawa ay nagpapastor sa isang maliit na lugar sa western suburbs. Ako ay nagpapasalamat sa mga LPI monthly newsletter. Ako ay nagagalak na malaman na marami din palang mga kapatiran na nakakaranas ng parehas na pagsubok, sakit, pagkabigo at iba't ibang sitwasyon sa buhay, salamat na lamang at may Diyos tayo.

Salamat sa mga tao na bumubuo nito at nais namin malaman niyo na kami ay tunay na pinagpapala sa aming mga nababasa. Paki padalhan ako ng mga translation sa wikang Aramaic Indonesian at Tagalog.

Pinapanlangin namin kyo at ang ministry na ito. Pagpalain kayo ng Diyos!.

-Sis Colleen Damons, Pentecostal Apostolic Faith Church, Werribee, Melbourne, Australia

Mula sa Editor



Debbie Akers

Maraming ginagawang mabuti ang Diyos ,

Ang Diyos ay patuloy na nagbubukas ng pinto, Ang pahayagang ito ay mayroon na ring English, Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italian at Norwegian. Ipanalangin po natin na magkaroon na rin tayo ng Polish, Serbian, Bulgarian at Japanese na taga transleyt.

Kung nais nyong magkaroon ng mga iba't ibang transleasyon mula sa taas, maari lamang na mag request sa LadiesPrayerInternational@aol.com.

Ministry Links

[Ladies Prayer International](#)
[UPCI Ladies Ministries](#)
[More to Life Bible Studies](#)
[Today's Christian Girl](#)
[World Network of Prayer](#)
[UPCI](#)
[My Hope Radio](#)
[Multicultural Ministries](#)



Sino kami? . . . Simula pa noong 1999: ang "Ladies Prayer Intl." ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan ,upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.

Ang aming misyon . . . Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon ,gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.

Aming kailangan . . . Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang knilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

Tatlong dapat bigyang pansin sa panalangin..

1. Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25)
3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38)



Ministries we support...

TUPELO CHILDREN'S MANSION Children live in an environment with opportunity to grow spiritually, physically and emotionally.

NEW BEGINNINGS Maternity care for birthmothers considering adoption and child placement for adoptive couples.

HAVEN OF HOPE A program for girls ages 13-16 with behavioral and emotional issues.

LIGHTHOUSE RANCH for BOYS Healing broken and hurting lives of teen boys.



Do You Subscribe to Reflections Magazine?

This bi-monthly publication will bless and inspire you. Articles are biblical and relevant to today's apostolic lady. Subscribe for yourself, a friend, or order a bundle for your church.

Subscribe online!

See what's happening on our social sites:



UPCI Ladies Ministries | LadiesPrayerIntl@aol.com | 314-373-4482 | LadiesMinistries.org